
The Earthsavers
DREAMS Ensemble
Artist for Peace

**International Theater Institute ITI**
World Organization for Performing Arts

## Message for World Theater Day 2024 – March 2024



**ART IS PEACE**
Author of the Message: **JON FOSSE, Norway**
Norwegian Writer Playwright
Nobel Prize Laureate for Literature



Translated into Filipino, National Language of the Philippines by: **Atty. JOSE D. LINA, JR.**
Former Senator Republic of the Philippines
President, Philippine Center of ITI

## ANG SINING AY KAPAYAPAAN

Bawat tao ay may kani-kanyang katangian, gayon pa man, mayroon namang pagkakahawig ang isa't isa. Ang ating panloob at panlabas na katangian ay kaiba sa sino pa man, siempre pa, at iyan ay mainam at mabuti, ngunit mayroong pambihirang katangian ang bawat isa na siya lamang ang nagtataglay -- tanging siya lamang. Maaaring tawagin natin ito na kanyang espiritu, o kanyang kaluluwa. At puwede rin na huwag na itong pangalanan.

Bagamat tayo ay magkakaiba, mayroon din naman tayong pagkakahawig. Lahat ng tao saan mang panig ng mundo nagmula ay mayroong pagkakahawig at pagkakatulad sa iba, nagising man siya sa ibang wika, kulay ng balat at kulay ng buhok.

Ito ay maaaring balintuna o bagay na hindi kapani-paniwala na tayo ay magkakatulad ngunit mayroong pagkakaiba_sa kanyang sarili ay may kaisipan ng salungatan na totoong malaking palaisipan, lalo na sa ating pagsisikap na pag-ugnayin ang kanilang kaluluwa at katawan—tinatawid natin mula sa makalupang katangian hanggang sa kawalang-hanggan nito.

Ang sining, ang mahusay na sining, ay may lakas at mahusay na pagbibigay-daan sa atin na magkaroon ng pang-unawa na angkop sa buong sanlibutan. Naipapaunawa sa atin ng sining na bagamat mayroong pagkakaiba-iba ito sa iba't-ibang panig ng mundo – mayroong banyaga sa atin ngunit may mensaheng universal na naiintindihan din naman ng lahat. Sa bagay na ito ng malalim na palaisipan, kayang tawirin ng sining maging ang hangganan ng mga wika, natatawid maging ang hangganan na panrehiyong geographical, at hanggang sa mga pambansang hangganan. Pinagsasama-sama at pinagkakaisa ng sining sa alin mang bansa hindi lamang ang indibidwal na katangian kundi pati na rin ang mga ugali at asal ng bawat lugar o pangkat hanggang sa diwa at isipan ng bawat isa.

Wala na akong ibang alam na magagawa pa para pagkasunduin ang magkakatunggali upang magkaisa. Ang sining ang ganap na sagot sa mga marahas na salungatan na nagaganap ngayon sa mundo, na sadyang napipilitang gumamit ng nakatutuksong sandata upang puksain ang ano mang banyaga, ano mang kakaiba hanggang gamitin ang hindi makataong mga paraan na bunga ng mga imbensyong teknolohikal na ang paggamit ay nakaubaya sa desisyon ng mga tao. Mayroong terorismo sa mundo. Mayroong giyera. Sapagkat may mga tao na mayroong makahayup na ugali, na itinutulak ng bugso ng umiiral na ugali at karanasan upang ituring na banta ang banyaga o bagong kaisipan sa halip na ito ay pag-aralan at kasabikan dahil nga bago at naiiba.

Ganito na, dapat mapukaw ang pagpapahalaga sa katangian ng anumang bagay na kakaiba, pagbuo na dapat mamayani sa ano mang kaisipang kakaiba kaysa isipin na ano mang kakaiba ay matinding banta na dapat puksain. Halimbawa sa mga relihiyon at ideolohiyang politikal na anumang kakaiba ay dapat talunin o gapiin.

Ang digmaan ay isa lamang masidhing tunggalian ng kaisipan na nakapaloob sa ating sarili: Gaya rin ng pandigma sa sining: ang sariling atin laban sa kakaibang sining.
Nagsasalita ako para sa pangkalahatang kahalagahan ng sining, hindi para lamang sa teatro o mga dula at panulat na pang-entablado, ito ay dahil sa nasabi ko na, lahat ng mabuting sining ay umiikot lamang sa iisang bagay: ang tinutukoy natin na pambihira at naiiba, ang mga bagay at pangyayaring espesipiko, at gawin itong pangdaigdigan. Pag-isahin ang ating sining sa pandaigdigang halaga sa pamamagitan ng makasining na pagpapahayag, at bayaang tumingkad at magningning ang bago at naiiba. Subalit huwag sagkaan ang mga ito, manapa'y patingkarin din ang kakaiba sa atin.

Magkaiba ang digmaan at sining; ganoon din ang digmaan at kapayapaan. Ganyan kasimple ang lahat. Ang sining ay kapayapaan.